

1

Nakakalokang maghanap ng trabaho. Pero sa palagay ni Jazz, mas nakakaloka ang mga one-way na daanan sa Makati. Kung hindi nga lang niya kailangan ng trabaho, hindi na siya makikipagtagisan ng suwerte laban sa mga traffic enforcers papuntang Ayala Avenue.

Justine Cordova Policarpio ang buong pangalan ni Jazz. Parehong professor ng Political Science sa *University of the Philippines* ang kanyang ama at ina na pareho nang namayapa.

Tumunog ang kanyang cellphone. Hindi niya kilala ang numerong naka-register sa screen.

At sa pag-aakalang isang prospective employer na ang tumatawag, sinagot niya iyon nang buong galak, “Good afternoon!”

“Ay, ang saya ng bakla?” anang boses sa kabilang linya. “Ang tindi ng ligalig.”

“Nyeta ka!” mabagsik na tugon niya nang makilala ang boses ng kanyang kaibigang si Angge. “Ano na naman ba kelangan mong bruha ka?”

“Ang shoray!” anito at tumawa.

“Bakit ba?”

“Kamusta ’yung panel kanina?”

“Aayos lang...” malabong sagot niya na parang nais nang ibaon sa limot ang makababalaghang investigative panel na kanyang dinaluhan nang umagang iyon.

“Anak ng...! Nasisante ka?”

“Hindi ako natanggal, tanga!”

“Wow! ’Kala ko talaga masisibak ka, eh.”

“Kala ko rin. Buti na nga lang at naunahan ko sila.”

Naguguluhang napakamot sa ulo si Angge kahit hindi niya nakikita. “Ang ibig mong sabihin? Nag-walk out ka?”

“Hindi ako nag-walk out. Kahit n’ung sinisigawan ako ng taga-HR, hindi ako nag-walk out,” paliwanag niya.

“At bakit ka naman sinigawan?”

“Pinagalitan ako kasi sinigawan ko daw ang boss ko.”

Tila hindi pa rin nito makuha ang nais niyang ipahiwatig. “Ano ba talaga’ng nangyari?”

“Bad trip kaya! Pinagbintangan ako na sinadya ko daw ’yung pagbato ng folder.”

“Nambato ka ng folder?” malamang namimilog ang mga mata.

“Pa’no ba naman, sinabihan ako na wala daw akong pinag-aralan kasi naghahamon daw ako ng suntukan,” nabubuwisit na tugon niya, nagkandahaba ang nguso.

“Nyeta ka! At bakit mo kasi ginawa ‘yun?”

“Nag-init ang ulo ko kasi ako ang sinisisi nila kung bakit inatake ’yung head ng payroll—”

“Inatake?” gulat na singit ni Angge.

“...tapos pilit pa nila ’kong pinapapirma sa affidavit.”

“Anong affidavit?” muling tanong nito. “Teka nga! Sumasakit na ang ulo ko sa ’yo. Ikuwento mo nang buo, simula sa umpisa.”

“Ayoko, mahabang istorya, eh,” ani Jazz. “Pupunta ’ko kay Auntie Twinkle mamaya, sama ka?”

“Sige, daanan mo ako dito sa office ko. Nas’an

ka ba ngayon?”

“Papuntang Makati. May job offer ako.”

“Ha?” Nagulat ito sa sinagot ng kaibigan.
“Kakasisante lang sa ’yo kanina, may job offer ka na agad?”

“Iba ang ganda ko, eh,” pagmamayabang niya, sabay flip sa buhok.

“Ang asim! Saan?”

“IOSCO.”

“As in ’yung *International Organization of Securities Commission*?” paniniguro nito.

“Oo nga!”

“At kelan ka naman nag-apply d’un?”

“Hindi ako nag-apply, excuse me. Tinawagan nila ako mga three months ago at inalok ako ng trabaho. Eh, sabi ko n’un sa kanila na ayoko pang umalis sa present work ko. Malay ko ba naman kasing masasali pala ’ko sa nakawan...”

“Tinawagan mo?” usisa ni Angge.

“Oo, last week. Nag-inquire ako kung available pa ’yung position na ino-offer nila. Eh, oo daw. Ayun,

sunud-sunod 'yung mga naging interviews. Mamaya, job offer na.”

“Taray! Magkano ang sahod?”

“Depende pa. Bakit ka pala tumawag?”

“Wala, gusto ko lang malaman kung buhay ka pa,” natatawang paliwanag nito. “Magkita na lang tayo mamaya. Meet tayo sa *Landmark* ng alas cuatro?”

“Sige. Basta text-text na lang.”

Nakakatatlong tasa na ng kape si Dayel. Pero sa tindi ng topak ng mga miyembro ng ExeCom, siguradong dadami pa ang nerbyos sa kanyang sikmura.

Si Daniel Bernard D. Mori, mas kilala sa tawag na ‘Dayel’, ang namumuno sa executive committee ng *Daitze*. Siya ang kaisa-isang anak nina Fructuoso Almeda Mori, ang sikat na Filipino-Japanese businessman at kasalukuyang President and CEO ng *Mori Industrial Inc.*, at ni Carlyn Dairouche, ang former French model at unica hija ni Fermin Dairouche, ang tanyag na French philanthropist.

Lumaki ang binata sa poder ng kanyang lola sa isang mansyon sa Los Baños, Laguna. Bagaman

nag-aral at nakatapos ng kursong Economics and Finance sa *Wharton School* sa Pennsylvania, USA ay mas pinili niyang bumalik sa kinalakihang bayan at dito sa Pilipinas ay unti-unti niyang itinaguyod ang *DaitzeMori United Co., Inc.*

Sa araw na ito, magpupulong ang mga miyembro ng executive committee ng *Daitze* para sa kanilang weekly meeting. At dahil binubuo ng matalik na magkakaibigan ang naturang grupo ng nasabing kompanya, normal na sa kanila ang mala-*Iskul-Bukol* na tema. Kapag nagsama-sama kasi ang mga ito, nagmimistulang halu-halong kalamay ang nagiging paksa ng kanilang usapan. Masyadong maligalig.

“Dayel, attend ka ng gala sa Friday? Nand’un daw si Monique,” untag ni Jansen Dy, ang head ng information technology department ng kompanya.

“Hindi. Nasa Tagaytay ako ng Thursday hanggang Sunday,” sagot niya.

“Ano’ng meron sa Tagaytay?”

“Golf. Sponsored ng *ReedCom.*”

“Attend ka na lang ng gala. Si Monique ’yun, Pare.”

“You can’t be serious, Jan. Dayel is dating Angel

now,” singit ni Aristotelio Wilson. Mas gusto nitong tinatawag sa apelyido at hindi naman mahirap intindihin kung bakit. Ang babae ang public relations head at tanging bituin ng *Daitze*. “Dayel, kayo pa ni Angel, right?”

“Hindi na,” tugon niya.

“Why? What happened?” usisa ni Wilson.

“Hindi kami nag-click.”

“Hindi kayo nag-click? Bakit, ano’ng mali sa inyong dalawa?.

“Pabayaang n’yo nga si Dayel,” putol ni Atty. Hector Cadavez. Ang tanging kakampi ng binata pagdating sa usapan ng puso ay ang fifty-two years old na abogado.

“Macky, how are our numbers?” tanong ni Dayel.

“Sir, we are averaging at seven point eighty-two percent increase for the last five quarters.” Si Macky naman ang head ng accounting department. Wala itong social life maliban sa pakikipaglaro ng *DoTA* sa kapitbahay sa Ayala Alabang.

“That’s definitely good news! Are the floating accounts finally settled?”

“We have, Sir. I have also taken the liberty of—”

“Whatever-you-do-is-great-news!” sabat ni Ivo. Sa grupo ng ExeCom, ito ang parang laging lango sa cough syrup.

Primitivo Ribledo, Jr. ang buo nitong pangalan. ‘Ivo’ ang tawag dito ng karamihan pero ‘Prime Rib’ ang bansag dito ng malalapit na kaibigan. Ito ang tumatayong chief financial officer ng *Daitze*. Mabilis itong magsalita, walang masyadong pasensya, mainipin at iritable.

Sina Karlo Miravilla at Anselmo ‘Elmo’ Cruz ang natitirang miyembro ng ExeCom. Si Karlo ang head ng research and communications at ang pinakabata sa grupo. Si Elmo naman ang head ng marketing division.

“We are set for this year?” tanong ni Dayel sa grupo.

“Barring any collapse of the economy, I believe it is safe to say we are off to a great start,” pahayag ni Macky.

“Fine. If there are no other matters, I believe we are done. Thank you for your time, guys,” pagtatapos ni Dayel.

At sabay-sabay nang nagsilabasan ang mga ito.

“Wait, Dayel. I need to speak to you about something,” habol ni Jansen sa binata habang siya ay papalakad na pabalik sa kanyang opisina.

“About what?” usisa niya.

“Ah, about Mamu Ems, Dude.”

“What? Why?” Hindi naitago ni Dayel ang pagkabahala sa pagkakadinig sa pangalan ng kanyang sekretarya. “Ano’ng nangyari?”

“Wala naman, Pare. I just feel na parang medyo stressful na para kay Mamu ang ganitong trabaho.”

“What do you mean?”

“I think loaded si Mamu. Almost everyday na siyang overtime, pero ang dami pa din niyang backlog.”

“You want me to fire her?”

“Of course not!” mabilis na sagot ni Jansen. “Bakit hindi mo na lang siya ikuha ng assistant? Kahit temporary lang muna. Just to see if it would help her.”

“I guess you’re right... But I have to tell her first.”

“You do that, Pare. I’ll go ahead.”

“Thanks, Jan,” ani Dayel at nawala na sa paningin niya ang kaibigan. Tumunog ang kanyang cellphone; si Yaya Star ang nasa kabilang linya.

“Sira ’yung gripo sa kitchen,” paliwanag nito nang usisain kung ano ang problema.

“Tingnan ko po pag-uwi ko. Sasabihan ko na din po si Rick para matingnan niya sa Saturday.”

“Darating ’yung pamangkin ko mamaya. Pareremedyuhan ko muna sa kanya.”

“Sige, Yaya, ikaw ang bahala.”

Abala si Jazz sa pag-aayos sa nasirang gripo sa kusina. Panay naman ang reklamo ni Angge na nagugutom na ito kaya minamadali siya sa ginagawa.

“Basta tumigil lang ’yung tagas, ayos na ’yun, sabat ni Yaya Star. “Titingnan din naman ’yan ni Rick.”

“Sino pong Rick?” tanong ni Angge.

“Ang tubero,” paliwanag ng matanda.

“Kelan po ba darating si Rick, Ante?” tanong ni Jazz.

‘Ante’ ang tawag niya sa kanyang tiyahin para

baduy. At bilang ganti, 'Tisay' naman ang tawag nito sa dalaga bilang pagpupugay sa kayumangging kutis nito.

Bagaman hindi tahasang magkamag-anak sina Jazz at Star, naging malapit ang loob ng dalawa sa isa't isa. Ang huli ay dating live-in partner ng Tito Oscar niya. Sa kasamaang-palad, nauwi sa paghihiwalay ang relasyon ng mga ito nang mapag-alaman ni Star na leader pala ng isang malaking sindikato sa Makati ang kinakasama. Pero kahit nahantong sa mapait na wakas ang relasyon ng dating magkasintahan, nanatili namang close ang dalawang babae.

“Sa Sabado,” sagot ng matanda. “May duty kasi siya.”

“Duty? Sikyu?” hirit ni Angge.

“Doktor si Rick, tanga,” ani Jazz.

“Huh? Doktor?” napakunot-noong ulit nito.

“Kaklase ni Dayel si Rick n’ung high school sa *Ateneo*. Galing sa mahirap na pamilya na nabigyan ng scholarship. Noong araw, para may baon siya sa eskuwelahan, nagtutubero siya pag walang pasok. Sa *St. Luke’s* ’ata siya nagtatrabaho ngayon. Isa siyang neurosurgeon,” paliwanag ni Star.

Magsasalita sana si Angge nang...

“Yaya Star!” sigaw ng isang lalaki mula sa labas.

“Dayel, ‘andito kami sa kitchen!”

Nang makarating ang bagong dating sa kusina, kaagad sinimulan ni Star ang pagpapakilala. “Dayel, si Angge, kaibigan ng pamangkin ko.”

“Hello,” bati ni Dayel sa babae.

“Pamangkin ko ’yung nasa ilalim ng lababo,” patuloy nito.

“Hi!” ani Jazz na patuloy pa ring inaayos ang pipe ng nasirang gripo.

Parang binuhusan ng tubig si Dayel at gulat na gulat itong nagsalita nang marinig ang tinig na iyon. “Yaya, babae ang pamangkin mo?”

“Oo, si Tisay,” sagot ni Star. “Bakit?”

“Kala ko po lalaki pamangkin n’yo kaya pumayag akong tingnan niya ’yung gripo,” paliwanag nito.

“Ay, ayos lang. Mukha siyang lalaki,” biro ni Angge.

“Tarantado!” ani Jazz mula sa ilalim ng lababo.

“Ako na bahala diyan,” pahayag ni Dayel sa

dalagang nakausli ang paa habang papalapit ito sa lababo.

“Konting balot na lang,” tugon niya.

“Ako na gagawa niyan. Iwan mo na ’yan.”

“Konti na lang,” pilit niya.

“Dali-dalian mo naman, bruha!” sabad ni Angge.

“Lumayas ka ngang hayup ka, bago kita masakal!” banta ni Jazz sa kaibigan.

“Leche kasi ang kupad! Parang turtle.”

“Hinayupak ka! Maghain ka kaya.”

“Di lumamig lang ’yun? Tapusin mo muna ’yan, ogag.”

“Tado, para nga pagkatapos ko dito, derecho kain na.”

“Nyeta, ano ka? Laborer?”

Sa puntong ito, minarapat ni Star na ipaliwanag kay Dayel ang kakaibang paraan ng siyetehan nina Jazz at Angge. “Normal ’yan. Ganyan talaga sila mag-usap.”

“Marahas nga po,” matawa-tawang pansin ng binata.

“Yebah. Perfect!” sigaw ni Jazz makalipas ang ilang sandali. “Gawa na gripo!”

“Bilis, lumabas ka na nang makakain na,” saad ni Angge. “Ay, Ante, alam mo ba’ng ginawa niyan kanina?”

“Ano?” tanong ni Star.

“Nakakakilabot. Nag-aagaw-buhay ngayon ’yung head nila sa payroll dahil sa pamangkin mong magaling.”

“Ano! Bata ka, ano na naman ba ang ginawa mo?” usisa ng matanda sa pamangkin.

“Naghasik ng lagim,” turan ni Angge. “Kaloka, akala mo na matapos siyang makasuhan ng physical injury, eh, hindi na siya uulit. Hala, level up pa ngayon. Homicide!”

“Ano na naman kaya ang pumasok sa ulo niyan?”

Nagkibit-balikat ito. “Ewan ko nga ba diyan. Dati naman kasya na siya sa pambabato ng stapler at panghahataw ng swivel chair, eh.”

“Hanep. Kung mag-usap parang wala ako dito, ah,” sita ni Jazz habang papalabas mula sa ilalim ng lababo.

Ito ba ang mukha ng pusakal? ani Dayel sa sarili nang masilayan ang mukha ni Jazz. Maamo kasi ang mukhang tumambad sa kanya—inosente. Pinagmasdan niya ang kaharap—morena ang kutis, balingkinitan ang pangangatawan, mahaba ang buhok, singkit at maganda. Malayong-malayo sa inaakala niya.

“Halina kayo. Kumain na tayo,” anyaya ni Star na pumukaw sa kanyang kamalayan.

“Oy, Lola, ikuwento mo na ang nangyari sa panel,” utos ni Angge kay Jazz nang kumakain na ang mga ito.

Umiling siya. “Wala. Pilit nilang idinidiin ’yung isang kaopisina ko. May pinapipirmahan silang affidavit, sabi ko ayoko.”

“Ano’ng nangyari?”

“Dahil sa pagtangga ko sa gusto nila, pinakahon ang mga gamit ko at ’wag na daw akong magpapakita bukas,” paliwanag niya at sumubo ng pagkain.

“Maryosep!” bulalas ni Star.

“So, ano na’ng plano mo?” pagsali ni Dayel sa usapan.

“May prospect na ’ko overseas, pero made-deploy lang ako sa katapusan pa ng taon,” aniya.

“Ang dami namang trabaho dito sa ’tin, dito ka na lang mag-apply,” turan ni Star.

“Maganda ’yung offer sa ’kin, ’Te. Sayang kung tatanggihan ko,” paliwanag ni Jazz. “Di ba turo mo sa ’kin, ‘try ang try until you fly..”

“Langhiya, bago ’yun, ah,” singit ni Angge.

“Oo nga, pero bakit hindi mo muna subukang maghanap dito ng trabaho?” sabi ng tiyahin.

“Ante, alam mo namang nahihirapan akong makakuha ng trabaho dito, eh.”

“Gusto mong magtrabaho sa ’min kahit temporary lang?” offer ni Dayel. Kinuha nito ang baso ng juice at uminom.

“Huh?” aniya na napatingin sa lalaki.

“Madami kasing projects ngayon, kelangan ko ng mag-a-assist sa secretary ko,” patuloy nito.

“Assistant?” sabay nilang turan ni Angge.

“Administrative assistant to the secretary, actually,” paglilinaw ng binata.

“Si Tisay, kuwan... ang qualifications...” simula ni Star.

Inakala ni Dayel na marahil nag-aalala ang matanda na baka hindi pasado ang qualifications ni Jazz sa posisyong inaalok nito. “Don’t worry about her qualifications, Yaya. Ako na’ng bahala doon.”

“Assistant?” ulit ni Jazz na parang hindi makapaniwala sa sinabi ni Dayel.

“Assistant nga daw, loka, ” hirit ni Angge.

“Pag-isipan mo ang offer ko. Entry level muna. Pag okay sa ’yo ’yung trabaho, i-re-recommend kita para maging regular employee,” anang lalaki.

“Hmm... p’wede,” sagot niya. “Bakit hindi?”

2

Unang araw ni Jazz bilang administrative assistant. At matapos ang dalawang siglong trapik, narating din niya ang *Palladium Corporate Plaza*, ang building kung saan nag-oopisina ang *DaitzeMori United Co., Inc.* Tinungo niya ang opisina ni Dayel sa pinakataas na floor ng building.

“Miss, upo ka muna. Inform ko si Mr. Mori na nandito ka na,” sabi ng receptionist.

Makalipas ang ilang sandali, sumulpot si Dayel kasama ang isang lalaki.

“Tisay!” malakas na bati nito. “Good morning.”

“Good morning, Sir,” sagot niya.

“This is Jansen, the head of our IT department,” pakilala nito sa kasama. “Jansen, this is our new administrative secretary... uhm... what should we call you around here?” tanong nito.

“Jazz is fine,” sagot niya.

“I’ll take you to Mamu. Nasa twenty-second floor siya,” paliwanag ni Dayel. “We’ll go ahead, Jace.”

“Nice meeting you po, Sir,” aniya kay Jansen.

Habang dumadaan ang mga araw, damang-dama na ni Emy ang pagsusumamo ng kanyang kalamnan. Senyales na panahon na talaga para siya ay magretiro. Panalangin nga niya na sana ay makahanap na si Dayel ng bagong magiging sekretarya bago pa man pumutok ang ugat niya sa ulo sa sobrang stress.

Si Emy, Emilia Tuazon Bernardo, ay mas kilala sa tawag na ‘Mamu Emy’. Siya ang sekretarya ni Dayel at hawak na niya ang posisyong ito mula pa noong sinimulang itaguyod ng lalaki ang *DaitzeMori*.

“Mamu!” bati ni Dayel mula sa pintuan ng presidential lounge. “I want you to meet your assistant secretary.”

“Tisay?” gulat na sabi ni Emy nang makita nito kung sino ang kasama ng binata. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Halu, Tita!” bulalas ni Jazz.

“You know each other?” tanong ni Dayel na nagpalipat-lipat ang tingin sa dalawang babae.

“Pamangkin ni Star,” sagot ng sekretarya.

“Great!” masayang sabi nito. “At least, hindi na kayo mag-a-adjust sa isa’t isa sa inyong trabaho.”

“Ikaw ang administrative secretary ko?” di-makapaniwalang tanong ni Emy sa dalaga.

“Surely, Tita!” sagot niya.

“Mamu, ikaw na bahala, ha,” singit ni Dayel. “Iwan ko muna kayo. May arbitration kasi kami sa Ortigas. And before I forget, there’s this Execom meeting later. I need someone to jot down the minutes. Okay, Mamu?”

“Ha? Sige, sige,” sagot ni Emy.

“Thanks, Mamu. I’ll go ahead, ladies, ” paalam nito habang papalabas ng presidential lounge.

Nang umalis ang lalaki, pinagmasdan ni Emy ang bagong empleyada. Hindi ito makapaniwala sa ibinalita ni Dayel.

“Assistant kita?” untag nito kay Jazz.

“Kaloka ka, Tita,” biro niya.

Amoy na amoy nito ang niluluto niyang kalokohan. At dahil silang dalawa na lang ang nasa loob ng silid...

“Bakit ka nandito, bata ka?” sita nito.

“Trabaho po,” pagmaang-maangan niya.

“Ano’ng nangyari sa trabaho mo?”

“Nag-vanish.” Nagkibit-balikat pa siya na tila bale-wala ang kawalan ng naging trabaho.

“Ano na naman ginawa mo?” usisa ng nakatatandang babae.

“Tita, wala po,” mariing sagot niya. “Nag-resign po ako kasi gusto kong mag-grow. Ayaw ko na sa dating trabaho ko.”

“Ano’ng balak mo sa buhay mo?”

“Magtatrabaho po ako sa *IOSCO* abroad. Aalis po ako end of this year.”

“Aba, eh, di mabuti,” magalak na tugon nito. “Pero teka, bakit naisipan mong pumasok dito sa *Daitze*?”

“Inalok po ako ng trabaho ni Dayel, kung gusto ko daw maging assistant mo kahit temporary lang. Pumayag ako.”

“Bakit daw?” Umiling siya, sabay kibit-balikat. “Entry level ang rank mo?” Tumango siya. “Ano raw ang tungkol sa sahod mo, starting ba?”

“Opo, Tita.”

Nahihiwagaan si Emy kaya patuloy nitong inusisa ang dalaga. “Pinakita mo ba qualifications mo?”

Muli ay umiling siya. “Hindi po.”

“At bakit hindi?” Namaywang ito, hindi maintindihan kung bakit ipinasok siya ni Dayel nang hindi man lamang nalalaman ang kanyang qualifications.

“Hindi naman po niya hiningi, eh,” katuwiran niya.

“Ikaw talagang bata ka. Bigyan mo ako ng kopya ng resumé mo,” utos nito.

“Okay, fine, Tita.” Ngumiti nang pagkatamis-tamis si Jazz sa kausap, inirolyo lang nito ang mga mata.

May Execom meeting nang araw na iyon. Magkakaharap ang magkakaibigan sa oval table ng presidential lounge. Na-curious ang mga kasama ni Dayel nang makakita ng bagong mukha. Kasama ni Jazz si Emy nang mga sandaling iyon. Naging paksa tuloy ng usapan ang dalaga na ayon kay Dayel ay ‘Jazz’ ang pangalan at isa itong administrative assistant. Pinutakti siya ng tanong mula sa mga ito.

“Ang ganda nga niya, Dude,” pahayag ni Jansen.

“S’an mo na-recruit?” tanong ni Hector kay Dayel.

“Referral ni Yaya Star,” sagot niya.

“Relative ba siya ng matanda?” nais malaman ni Jansen na nilalaro ang pen nito.

“Pamangkin daw,” paliwanag niya.

“Ano’ng natapos na course?” usisa ni Elmo.

Nagkibit-balikat siya. “I’m not even sure if she finished high school.”

Napanganga sa gulat ang mga kausap at nagkatinginan ang mga ito.

“You did not check her credentials?” atake ni Ivo.

“Pamangkin siya ni Yaya Star,” tugon ni Dayel. “I did it as a favor kasi nahihirapang maghanap ng trabaho.”

“Unskilled?” usisa ni Macky. “O unlucky lang talaga?”

“Hmm... the usual sad story.”

“Usual sad story?” ulit ni Elmo. “Which is...?”

“Probinsyana at uneducated,” paglilinaw niya.

“Nagbaka-sakali sa Manila pero nahirapang makakuha ng trabaho. Now she wants to try her luck abroad.”

“Ano’ng gagawin niya sa abroad kung dito nga wala siyang makuhang trabaho?” hirit ni Karl.

Ang mga lalaki ang panay ang tanong kay Dayel. Tahimik lamang na nakikinig sa palitan ng usapan si Wilson.

“Uneducated, probinsyana... tingin mo, ano’ng trabaho p’wede sa kanya d’un?” hamon ni Elmo.

“Ah... exotic dancer?” hula ni Karl. “DH?”

“I can’t believe you asked her to be Mamu’s assistant,” saad ni Hector. “She’s not qualified, Man.”

“Oo nga, Dude,” sang-ayon ni Jansen.

“Bagay siyang i-display sa floor ng executive offices, pero hindi siya qualified sa level ng workload d’un,” ani Karl.

Sa wakas ay nagsalita si Wilson. “Dayel, baka naman instead na mapadali trabaho ni Mamu, mapadali pa ang buhay niya dahil sa kinuha mong assistant niya,” sita nito.

“Guys, if you were in my position, you would’ve done the same. I had to help her,” depensa ni Dayel.

“Come on.”

“Well, she has to be worth something,” sabi ni Elmo. “Maganda siya, Dayel. You might want to consider that.”

“P’wedeng ‘fling of the month’ mo!” tukso ni Jansen.

“Oo nga, after all, she couldn’t live up to whatever it is that you’re paying her. You might as well get your money’s worth some other way,” hirit ni Hector.

Sabay-sabay na nagtawanan ang magkakaibigan.

Sagasaan ng pison at gawing sticker! Sa palagay ni Jazz, iyon lang ang makatarungang hantungan ng mga lalaking hambog! Kung hindi lang siya hawak ni Emy sa baywang, kanina pa siya naglungsad ng riot. Paano ba naman, hindi nakaligtas sa pandinig niya ang naging usapan ng mga miyembro ng executive committee.

Bago pumasok sa loob ng lounge, huminga muna nang malalim si Emy at kinausap ang dalaga, “Gamitin mo utak mo.”

“Utak? Tita, si Rizal nga nahirapan kaya kinailangang um-extra ni Bonifacio. Ako pa?” sagot

niya.

Pero wala siyanng nagawa at sumunod na lamang sa sekretarya papasok sa presidential lounge. At kaagad na tumahimik ang kuwarto pagpasok ng dalawang babae.

“Good afternoon,” bati ni Emy.

“Good afternoon,” tugon ni Dayel. “Hi, Jazz.”

Gumanti ng pagbati si Wilson at ang mga lalaki.

Isang ngiti lamang ang isinagot ni Jazz sa mga ito.

“Have a seat,” anyaya ni Jansen.

Umupo sina Emy at Jazz sa dalawang bakanteng upuan sa bandang dulo ng oval table.

“Guys,” pagtawag ni Dayel ng pansin sa mga kasama, “this is Jazz. She is our new admin assistant.” Isang ngiti ang muling binitawan ng dalaga. Isa-isa namang ipinakilala ng binata ang mga kaibigan nito.

“Good afternoon po,” sagot niya.

“We are discussing corporate development strategies,” umpisa ni Dayel. “Mamu, please jot down notes regarding this matter.”

“No problem,” kampakanteng sagot ni Emy. “Magtake down ka rin ng notes,” bulong nito kay Jazz na tumango bilang pagsang-ayon.

Nagpatuloy sa pagsasalita ang binata, “We must identify where we want *Daitze* to go this year. I need your ideas.”

“I’ll start,” ani Wilson. “I believe *Daitze* needs to adopt new products. I have several proposals.”

“Good! Give us the list and we’ll review it in time for the next meeting,” sagot nito. “Macky?”

“I believe we need to reevaluate our business plan,” sagot ng head ng accounting department. “We have to review and reassess it.”

“And while we are at it,” singit ni Ivo. “...let’s institute standards to determine the efficiency of our strategies.”

“Noted,” tugon ni Dayel. “Other insights?”

Nagsisimula nang mabagot si Jazz. Pasimple siyang naghikab, nagkukot ng kuko at nagpatunog ng mga daliri. Sinilip pa niya ang ginagawa ni Emy. At nang mapansin niyang nagsusulat ng notes tungkol sa meeting ang kasama, nagpasya siyang mag-doodle na lang sa kanyang notebook.

Nagsalita si Karl, “Sir, I think we need to get in touch with our existing clients to encourage repeat of business.”

“Dayel, in line with that, I think we have to evaluate our pricing,” komento ni Jansen. “The start of the year is a great time to inform our clients about the new rates.”

“Macky, don’t forget the cost matrix next week,” utos ni Dayel.

“Yes, Sir,” sagot ni Macky.

Sa puntong ito, ilang dosenang hikab pa ang lihim na pinawalan ni Jazz.

“Dayel,” sabad ni Hector, “we have to find ways to cut our costs. Right now, we need competitive advantage.”

“Why don’t we take note of all the areas we want to improve or develop so that we can keep track of all the changes we are considering for this year?” hirit ni Elmo.

“Fine. Let’s have that,” sagot ni Dayel at binalingan ang bagong empleyada. “Uhm... Jazz?”

“Yes, Sir?” mabilis na tugon ng dalaga na parang totoong nakikinig sa nagaganap na meeting.

“Weren’t you supposed to take notes?”

“Yes, Sir.”

“But you are not writing anything down, pansin nito.

“That is correct, Sir,” aniya habang nararamdaman niya ang pabilis na pabilis na pagpintig ng kanyang puso at pamamawis ng kanyang mga palad.

“Why?” marahang tanong ng binata.

“I have them memorized, Sir,” palusot niya.

“All of it?” tanong ni Hector.

“Yes, Sir.”

“Care to prove that?” hamon ni Dayel.

Nanlaki ang mga mata ni Jazz sa nerbyos. Pero sa puntong ito, tiyak na may pagkakalagyan siya kapag hindi siya sumagot. Kaya pinilit na lamang niya ang sarili na mag-imbento ng dahilan na makakahagip kahit papaano sa katotohanan.

“Sir, the primary topic of your discussion is the transformation of *Daitze’s* current business model.”

“Correct,” sagot ni Dayel. “Anything else?”

Naalala niya bigla ang sinabi ni Emy, ‘*Gamitin*

mo utak mo.' Panandalian siyang nag-isip.

“Sir, you asked the group to provide insights regarding *Daitze’s* corporate transformation and they have stated a broad range of formal and informal structures of the core aspects of the business,” pahayag niya.

Iba’t iba ang naging mga reaksiyon ng mga tao. May nanlaki ang mga mata, may napanganga, may nangiti, may naubo at may natawa. Pero hindi pa siya tapos paglaruan ang mga ito at nagpatuloy pa sa pagsasalita.

“To reiterate, Sir Wilson wanted the company to capitalize on new products, Sir Macky wanted to assess the overall business climate, Mr. Ribledo believed it’s necessary to determine the effectiveness and efficiency of the company’s business strategies, Sir Karl would like to ascertain a repeat of business, Sir Jansen suggested the evaluation of pricing, Atty. Cadavez wanted new ways to cut corporate costs, and finally, Sir Elmo wanted each member to make a list itemizing the aspects that need improvement.”

Isang malupit na katahimikan ang sumalubong sa dalaga matapos siyang magsalita. Walang kumilos o nagsalita. Ang nangingilid-ngilid na ngiti lamang ni Emy ang naging patunay sa patuloy na pag-ikot

ng mundo.

“Wow!” bulalas ni Hector matapos ang ilang sandali.

“Amazing!” pansin ni Wilson.

“You have a photographic memory, Jazz,” komento ni Macky.

“Quite brilliant,” sabi ni Ivo.

“That is impressive, Jazz,” pahayag ni Dayel. “But you still have to write it down. We have to take note of every important detail mentioned in this meeting.”

“That’s what I was doing, Sir,” hirit muli ng dalaga.

“What were you doing?”

“Taking note of important matters.”

“But you haven’t written down anything,” komento nito.

“Because I haven’t heard anything important yet, Sir,” balik niya.

At sa ikatlong pagkakataon, samu’t saring reaksyon ang sumalubong sa kanyang sinabi. May lumutok, may tumawa at may napahataw sa mesa.

“You haven’t heard anything important yet?” mamatay-matay sa katatawa na tanong ni Jansen sa dalaga.

“Care to enlighten us?” hamon ni Ivo.

“Sir, it’s just that everything that has been mentioned has little to do with transforming *Daitze*,” tugon niya. “If you want to reinvent *Daitze*, you need to utilize a more deeply-ingrained change that will affect the entire structure of the company and not just the current policies.”

“Well, since you sound like you know a lot about corporate transformation, maybe you should tell us what to do?” patuyang paghamon ni Dayel.

At sa oras na iyon, dumapo na ang lintik na matagal nang hinahamon ni Daniel Bernard Mori.

“I believe that it would be worth considering to adapt a more open business system,” panimula ni Jazz. “In that way, *Daitze* can concentrate on the creative aspects thereby reducing the overhead expenses.”

“How?” tanong ni Macky.

“*Daitze* needs to identify certain business partners for its outsourcing needs,” paliwanag niya.

Her Fairy Tale - Camille Tantoco

“Interesting,” ani Dayel. “But it seems risky.”

“That could be an excellent way to establish new contacts and gain new clients!” pahayag ni Wilson.

“That is something we can consider,” turan ni Hector.

“P’wede nating i-explore,” segunda ni Macky.

“Where did you learn about this?” tanong ni Elmo.

“Kay Jose Rizal po,” pahayag ni Jazz.

3

Isang buwan na ang nakalilipas mula nang bulabugin ni Jazz ang ExeCom, pero halos wala pa ring nagbabago. Administrative assistant pa rin siya ng kompanya, pero mas madugo na ang kanyang trabaho.

At dahil nag-evolve na ang role niya, kinailangan ng kumuha ng panibagong assistant si Emy. Si Elena San Miguel ang pinalad na matanggap.

“Ma’am Jazz?” tawag ng babae mula sa pintuan ng opisina niya. “Phone po, si Atty. Hector.”

“Salamat, Elena.” Inangat niya ang receiver ng isang telepono upang kausapin ang tumatawag.

“Jazz?” anang boses sa kabilang linya.

“Atty. Hector,” bati niya. “Bakit po?”

“Andito ’yung mga taga-*Raja España*, kasama ’yung presidente nilang Español. Eh, walang makausap, hindi kasi marunong mag-Ingles. Akyat ka muna, libangin mo.”

“Hanep. GRO na naman ako,” tugon niya.

“Sige na. Malaking investment ’to. Wala si Prime Rib, eh. Kasama daw ni Dayel sa Ortigas. Siya lang marunong mag-Spanish dito. Sige na, aliwin mo lang sila sandali. Ngiti-ngiti ka lang. Pabalik na naman sina Dayel.”

Iyan ang madalas na role ni Jazz sa kompanya. Mag-uusap ang mga lalaking opisyaales ng magkabilang panig habang siya naman ay magiting na dumi-display.

“Sige na,” suyo ni Hector. “Ibibili kita ng cake.”

Iyon naman ang madalas na pang-bribe sa dalaga. Mula nang malaman ng mga ito ang kakaibang hilig niya sa matatamis, walang patumanggang ‘inaabuso’ siya.

“Chocolate mousse?” paniniguro niya.

“Chocolate mousse,” pangako ng abogado.

“Ilang slice?”

“Isang buong bilog. Siguraduhin mong makukuha natin ’yung account ng *Raja*.”

“Limang bilog. Patatawanin ko ’yung presidente.”

“Tatlong buong bilog at anim na dosenang supot ng chocolate chip cookies. Papirmahin mo ng

kontrata.”

“Call!” pagpayag ni Jazz.

“Deal!” tumatawang sagot ni Hector.

“Akyat na ’ko,” aniya, sabay baba ng telepono.

Ilang sandali pa’y nakarating na siya sa opisina ng abogado. Ipinakilala siya nito sa mga bisita. Si Mr. Luis Benitez Castro ang President at CEO ng *Raja España*.

At dahil nakakahawa ang kakaibang high ni Hector, magalak ding bumati si Jazz habang kinakamayan ang mga lalaki. “I’m very pleased to meet you.”

“The pleasure is all ours,” hirit ni Mr. Jose Antonio Medrano, ang vice president at CFO ng *Raja España*.

“Dayel... not... here? *Si?*” pautal-utal na sabi ni Mr. Castro dahil hirap itong umintindi ng Ingles.

“He is on his way here, Mr. Castro,” paliwanag ni Hector. “Mr. Mori and Mr. Ribledo had a breakfast meeting with a client this morning. If they knew you were coming, they would have sent someone else to attend that meeting.”

“*No hay problema... en la programa?*” muling

tanong nito.

Saglit na hindi nakapagsalita ang abogado; tila iniisip ang ibig sabihin ng kaharap. “No problem at all,” mayamaya ay tugon nito.

Sa puntong ito, minarapat nang makialam ni Jazz. Dama na niya kasi ang kabagutan ni Mr. Castro. “*Están usted aquí sólo para el negocio, Señor Castro?*”

Gulat na napatingin sa kanya ang mga kausap. Sabay-sabay pang nagsalita ang mga ito

“You speak Spanish?” anang mga bisita.

“Nakakapag-Spanish ka?” tanong ni Hector.

At sinagot lamang ito ni Jazz ng isang kataga, “Ata.”

Kaagad namang nagliwanag ang mukha ni Mr. Castro at sumagot ng, “*Lamentablemente, sí. Tenemos que devolver a España tres días de ahora. Pero espero ver Intramuros antes de que nosotros vayamos.*”

“Ano’ng sabi?” urirat ni Hector kay Jazz.

“Dalhin mo daw sila sa Intramuros.”

“Sabihin mo, ‘no problem.’ Dali, papirmahin mo na ng kontrata,” pahayag nito.

“Wag kang excited,” biro ni Jazz.

Tumawa si Hector.

“*Señor Hector le promete un viaje en Intramuros si usted nos dará su dinero,*” baling niya kay Mr. Castro. Isang masiglang tawa ang isinagot nito.

“Ano’ng sinabi mo?” hirit muli ni Hector sa dalaga.

“Sabi ko ipaparada mo sila sa Intramuros kung ibibigay niya lahat ng pera niya sa ’yo,” aniya at lihim na kumindat dito.

“Ano!” gulat na bulalas nito at napatawa nang malakas.

Maging ang Spaniard ay tumawa. “Hector, *me gusta esta guapa señorita,*” masayang pahayag ni Mr. Castro. “We talk business. *Si?*”

At sinimulan na ni Jazz na pagtrabahuhan ang kanyang mga cake at chocolate chip cookies.

Malaking negosyo ang dala ng *Raja España* kaya laking tuwa ng lahat nang kaagad itong pumirma para sa isang joint venture project kasama ang *Daitze*. At ang hinala ni Dayel ay nags-celebrate na ang

ExeCom dahil napansin niya ang delivery motorcycle ng *Red Ribbon* na nakaparada sa labas ng gusali.

“Hector, what is this all about?” tanong niya sa abogado mula sa pintuan ng opisina ng huli.

“Dayel, pasok,” anyaya nito at excited itong nagbalita nang makaupo siya sa harap ng mesa nito. “Di ba, we initially drafted the JV Agreement asking *Raja España* to invest ten billion dollars over a period of ten years in *Daitze*?”

“As I can recall, yes. Bakit? Problems?”

“Well, I have just spoken with their CFO. Apparently, Mr. Castro was so impressed with *Daitze* that he has authorized a substantial increase in funding.”

“How substantial?”

“Twenty-three billion dollars!” maligayang tugon ni Hector.

“Twenty-three billion?” gulat na ulit niya. “Wow!”

“Thanks to Jazz. Pinaandaran ng charm ‘yung CEO.”

“S’an daw siya natutong mag-Spanish?”

“Sa kakapanood daw ng *Dora the Explorer*. ”

“Huh?” Bumakas ang kalituhan sa kanyang mukha.

“Cartoons,” paliwanag nito.

“Impossible,” iiling-iling na tugon niya.

“I know, wala naman kasing ginagawa si Dora kundi magbilang, eh.”

Nahinuha ni Dayel na pamilyar ang kausap tungkol kay *Dora the Explorer* “Don’t you find it odd that Tisay can speak fluent Spanish?”

“Baka natutunan niya n’ung college,” hula nito.

“Pare, that’s assuming na nag-college siya.”

“After everything, you still don’t think nakapagtapos siya ng pag-aaral?”

Nagkibit-balikat siya. “Ewan ko. To be able to know how to speak Spanish that well means nagtapos siya sa maayos na university.”

“Yun din ang palagay ko.”

Nagpalitan ng observation tungkol kay Jazz ang dalawang lalaki.

“Nakakagulat din ’yung mga terms na ginagamit niya. Once, narinig ko siyang kausap si Macky about

divisive trade rivalry and competition. Then last week, nag-uusap sila ni Prime tungkol sa detriments ng democratization sa India at Pakistan. I mean, what the hell?” anang abogado na napakumpas pa ng kamay.

“Alam mo kahapon, may pina-proofread ako sa kanyang kaso,” patuloy nito na inalala ang pinagawa sa dalaga. “When she was done, she went to me and told me of the case of US versus E.C. Knight as having the same principle as the one she was proofreading. It was a case decided in America in 1895. Wow! S’angaling ’yun at paano niya alam ang tungkol d’un?”

“Pati ’yung manner niya ng pagbibihis ay nakakapagtaka. Conservative pero sobrang stylish.”

“Look, Dayel, I agree. Baka nga meron tayong hindi alam about Jazz. Pero right now, I honestly don’t care.”

“Why?” tanong niya.

“Ang dami niyang alam about marketing strategies and corporate investment,” sagot nito. “Gumagawa siya ng business assessment reports at nag-i-interpret ng financial statements. ’Yung mga kaso ko, tinrabaho niya hanggang na-settle lahat ng out-of-court, saving us a lot of time and money. You’re right, I don’t think

natutunan niya lahat ng iyon sa kakapanood ng TV, pero kung ayaw niyang malaman natin kung saan at paano niya nalaman 'yun, then it's her secret. But as her employer, it is your right to know. Kung talagang interesado ka sa sagot, why don't you ask her?"

Hindi siya nakasagot. Tahimik lamang na nag-iisip siya.

"Wala namang masama kung aalamin mo, Pare. Silipin mo 'yung records niya sa HR," payo ni Hector. "Ako? I am just thankful na 'andiyan siya para sa *Daitze*."

"Yeah, I guess so," aniya kahit nakadama ng pag-aalinlangan.